Lungsod ng Hatsukaichi

# Tamang paghiwa-hiwalay at Araw ng Koleksyon ng mga Basura sa Tahanan

|← **30cm** (Gamitin ang 30 cm bilang sanggunian sa pagsukat ng Malalaking Basura.) →|

## Ilabas ang mga basura bago mag-alas 7:30AM ng umaga.
(※Saeki at Yoshiwa bago mag-alas 8am ng umaga. ※Para sa lugar ng Miyajima, sundin ang itinakdang oras)

**Mga Itinalagang Bag** (DILAW, PUTI, BERDE) / **Mga Sticker ng Malalaking Basura**: Para sa Nasusunog na Basura (DILAW), mga Recyclable at Basura para sa Landfill, at Mapanganib na Basura (PUTI), at Maliit o Komplikadong Basura (BERDE), gamitin ang itinalagang mga bag. Ang mga Sticker para sa bayad sa pagtatapon ng Malalaking Basura (seal) ay ibinebenta sa mga Supermarket at Home Center sa loob ng lungsod.

Ang mga shopping bag ng supermarket na may imprintang '廿日市市', 'Certification Number,''larawan ng maskot na karakter,' at 'espasyo para sa pagsulat ng iyong pangalan' ay maaaring gamitin bilang kapalit ng puti at berdeng itinalagang bag.

**Para sa basura na maaaring ilagay sa itinalagang mga bag, pagsama-samahin ang mga aytem ayon sa kategorya at ilagay ang mga ito sa isang bag.**
**Huwag isara ang bag gamit ang tape; sa halip, itali ito ng maayos.**

| Uri ng Basura | Araw ng koleksyon ng basura | Paano magtapon ng basura | Mga Halimbawa ng Basura (Mga Paalala) |
|---|---|---|---|

### Nasusunog na Basura
- Araw ng koleksyon: Linggu-linggo, Araw ng ◯ ◯
- Paano magtapon: DILAW na itinalagang bag (May sukat na 45・30・20・10L)

**Limitado sa mga bagay na mas maikli sa 30cm ang haba**

Basura sa Kusina: Basurang nabubulok; Lalagyan ng detergent
Mga piraso ng papel at mga paper cup: Mga piraso ng papel at mga paper cup

- Ang mga tira-tira sa pagluluto, natirang pagkain, at iba pa, ay dapat pigain ng mabuti ang tubig at balutin sa dyaryo o katulad na bagay.
- Ang mga ginamit na mantika atbp., hayaang masipsip ito ng dyaryo o lumang tela atbp.
- Alisin ang mga di-nasusunog na bagay tulad ng metal at babasagin

Katulad ng (vinyl, mga produktong gawa sa balat, styrofoam, iba pang uri ng plastik na hindi kabilang sa recyclable waste): Supot na plastik; Styrofoam; Makulay na food tray; Hose
- Putulin lahat ng ito sa habang mas mababa sa 30 cm

Mga produktong yari sa KAHOY at iba pa
- Ang mga produktong yari sa kahoy, dapat ay may diyametro na hindi lalampas sa 10 cm at haba na mas mababa sa 30 cm. Putulin ito at ilagay nang direkta sa DILAW na itinalagang bag.

Damo, Dahon, Maliit na Sanga, Lampin
- Para sa damo, dahon, at maliliit na sanga, alisin muna ang lupa at putulin ito sa habang mas mababa sa 30 cm. Ilagay nang direkta sa PUTI na itinalagang bag.
- Ilagay ang mga lampin nang direkta sa PUTI na itinalagang bag at sulatan ng 'OMUTSU' bago ito ilabas.

**Eksepsiyon para sa nasusunog na basura: Maaaring itapon sa PUTI na itinalagang bag**
Paalala: Ang mga shopping plastic bag na Aprubado ng Lungsod at ang supot na lalagyan nito ay hindi maaring gamitin na lalagyan ng basura.

### Basurang Maaaring I-recycle ① Mga Bote at Lata
- Araw ng koleksyon: Buwan-buwan, Ika-◯◯◯ linggo, Araw ng ◯
- Paano magtapon: PUTI na itinalagang bag (May sukat na 45・30・20L); Pang komersyal (70L,90L) hindi maaring gamitin.

Bote: Bote ng Sho/Alak; Bote ng Beer; Bote ng Juice; Bote ng Gatas; Bote ng Nutritional Drink; Bote ng Whisky
Lata: Lata ng mga pang-spray; Lata ng Juice; Lata ng Beer; Lata ng De-latang Pagkain

- Ang mga Bote at Lata ay dapat ilagay nang direkta sa parehong PUTI na itinalagang bag.
- Siguraduhing tanggalin ang takip ng bote. Ang mga takip na may metal ay itinuturing na Maliit at Kumplikadong Basura (Kogata oyobi Fukuzatsu Gomi), habang ang mga takip na plastik ay Nasusunog na Basura(Moyaseru Gomi). Kung ang takip ng de-latang pagkain ay hindi maihiwalay, itulak ito pabalik sa loob ng lata.
- Siguraduhing alisin ang laman at hugasang mabuti ang loob nito upang matanggal ang dumi.
- Hangga't maari ay ibalik ang mga malalaking bote, beer, juice at gatas sa mga tindahan kung saan ito nabili.
- Ang mga bote na sobrang laki, mga basag na bote na walang hugis, mga bote ng gamot, at mga bote ng kosmetiko ay itinuturing na Basurang para sa Landfill (Umetate Gomi).
- Siguraduhing wala ng lamang gas ang lata ng spray. Hindi kailangang butasan. (Ang natitirang gas ay maaaring maging sanhi ng sunog sa oras ng koleksyon o sa pasilidad ng pagproseso.)

### Basurang Maaaring I-recycle ② Mga PET Bottle at iba pa
- Araw ng koleksyon: Buwan-buwan, Ika-◯◯◯ linggo, Araw ng ◯

Walang kinalaman kung may marka o wala, limitado lamang sa pitong (7) uri ng bagay.

Puti na Styrofoam na ginawang Food Tray
Pet Bottle: Lalagyan ng mga inumin at soy sauce
Iba Pang Mga Plastic na Lalagyan: Lalagyan ng inumin na may Lactic Acid Bacteria (ex. Yakult); Tofu packs; Cup ng Pudding at Yogurt; Strawberry tray (Transparent) at iba pa; Lalagyan ng Itlog

- Ilagay ang lahat ng pitong (7) uri ng bagay nang direkta sa PUTI na itinalagang bag.
- Siguraduhing alisin ang laman at label, hugasan nang mabuti, at patuyuin. Ang mga bagay na hindi matanggal ang dumi o label ay itinuturing na Nasusunog na Basura.
- Alisin ang takip ng mga PET bottle. Ang mga takip na plastik at mga bote para sa paggamit ng cooking oil ay Nasusunog na Basura.
- Ang mga PET bottle, tofu pack, egg tray, cup ng pudding at yogurt, at lalagyan ng inumin na may lactic acid bacteria ay maaaring itapon kahit may kulay.
- Ang puting styrofoam na food tray ay dapat purong puti sa parehong harap at likod. Ang mga may kulay o may disenyo (kasama ang mga may simpleng pattern) ay itinuturing na Nasusunog na Basura.
- Alisin ang mga sticker mula sa egg tray at iba pang katulad kung posible.
- Ang mga hindi matanggal na paper sticker ay maaaring iwanan.

### Basurang Maaaring I-recycle ③ Papel at Mixed Paper
- Araw ng koleksyon: Linggu-linggo / Buwan-buwan, Ika-◯◯◯ linggo, Araw ng ◯
- Paano magtapon: Talian

Mga Uri ng Papel: Dyaryo at Flyers; Karton; paper pack ng inumin; Magasin (Mga Aklat); Mixed Paper
- Ang karton, pahayagan at flyers, magasin (mga aklat), at paper pack para sa inumin ay dapat talian ng hiwalay (hindi pwede ang gum tape).
- Tiklupin ang mga karton.
- Hugasan ang paper pack ng inumin, hiwain ito para mabuksan, at patuyuin

### Basurang Maaaring I-recycle ④ Mga Uri ng Tela
- Paano magtapon: PUTI na itinalagang bag

Mga Uri ng Tela: Mga Damit; Kurtina
- Ang mga damit, kabilang ang ski at snowboard wear, hindi na kailangang itali at dapat ilagay nang direkta sa itinalagang PUTIng bag.
- Ang mga medyas at underwear ay dapat putulin sa habang mas mababa sa 30 cm at ituturing bilang Nasusunog na Basura.
- Alisin ang mga metal fittings, plastik, at pabigat mula sa mga kurtina.
- Kung ang pinakamahabang bahagi ng isang nataliang mattress pad ay mahigit sa 30 cm, ito ay ituturing bilang Malaking Basura(Oogata Gomi); kung mas mababa sa 30 cm, ito ay ituturing bilang Maliit at Kumplikadong Basura (Kogata oyobi Fukuzatsu Gomi) .

### Basurang Maaaring I-recycle ⑤ Pinutol na mga Sanga
- Araw ng koleksyon: Sa Bawat Odd-numbered na Buwan Jan.,Mar.,May,Jul.,Sept.& Nov. Ika-◯ Araw ng ◯
- Paano magtapon: Talian

Pinutol na mga Sanga
※Hindi maaaring itapon ang mga sanga ng kawayan, shuro (palm species), sotetsu (cycad species), at iba pang uri na may maraming dahon.
- Ang araw ng koleksyon ay sa mga odd-numbered na buwan sa araw ng basurang para sa landfill.
- Ang pinutol na mga sanga ay dapat may diyametro na hindi lalampas sa 10cm bawat isa at habang hindi hihigit sa 1 metro, talian ito(hindi pwede ang gum tape, bawat bunton ay hanggang sa 5kg lamang).
- Ang mga sanga na may diyametro na higit sa 10 cm ay dapat putulin sa haba na mga 1 metro at dalhin nang direkta sa Eco Center Hatsukaichi (hindi kailangang talian. Hindi maaaring dalhin ang mga ugat, kawayan, shuro, at iba pa).

### Basura para sa Landfill
- Araw ng koleksyon: Buwan-buwan, Ika-◯ na linggo, Araw ng ◯
- Paano magtapon: PUTI na itinalagang bag; o Sako ng buhangin (Donoubukuro)

Mga Uri ng Babasagin na Hindi Maaaring I-recycle: mga kagamitang babasagin, Mga baso, babasaging kaserola; babasaging bagay na flat; Mga bote ng kosmetiko; Mga bote ng kemikal
- Kapag nagtatapon ng mga bagay na madaling mabasag, balutin ang mga ito sa matibay na papel at isulat ang 'KIKEN'(delikado) sa itinalagang bag.

Mga Uri ng Ceramics: Mga Chawan (Tea Bowls) at Plato; Setomono (Japanese Pottery); Donabe; Mga Lalagyan ng Halaman
Abu at Iba Pa: Disposable Heating Pads; Abu; Bombilya ng ilaw na may filament, Bombilyang LED

### Malalaking Basura (May bayad sa bawat isa.)
- Araw ng koleksyon: Buwan-buwan, Ika-◯ linggo, Araw ng ◯
- Paano magtapon: Kupon o sticker bilang bayad. May bayad ang bawat isa. Idikit ang kupon o sticker

Mga bagay na higit sa 30cm ang haba: Timba; Kaserola; Kaldero; Hanger; Poso; Payong; Kalan; Bisikleta; Lata
Gawa sa iba't ibang metal o plastik na material
Malalaking bagay na Nasusunog: Malaking stuff toy; Silya; Lamesa; Kobrekama; Kabinet; Lalagyan ng sapatos
kasangkapan, Kagamitan sa pagtulog, at Home Appliances,atbp: Dresser; Microwave Oven

- Tanggalin ang mga baterya at fluorescent tubes at itapon ito bilang Mapanganib na Basura(Yuugai Gomi)
- Bumili ng 'sticker' sa tindahan na nagbebenta ng sticker para sa bayad sa pagtatapon ng malalaking basura. Idikit ang kailangang bilang ng mga sticker sa bawat isa sa malalaking basura at ilagay ito sa itinalagang lugar ng basurahan.
※Tandaan na ang mga basurang walang sticker o kulang sa sticker ay hindi kukunin.
- May bayad (sa bawat malalaking basura)

| Kategorya | Ang basehan sa sukat ng laki ng haba, lapad, at taas ng mga bagay. | Halaga ng bayad | Bilang ng mga sticker na ididikit. |
|---|---|---|---|
| maliit | 30cm pataas ngunit hindi umaabot ng 1metro | 200yen | 1 sticker |
| katamtaman | 1metro pataas ngunit hindi umaabot ng 2metro | 400yen | 2 sticker |
| malaki | 2metro pataas (※Babala) | 600yen | 3 sticker |

(※Babala) Ang mga sobrang malalaki (may haba ng 3 metro o higit pa) at may malalaking timbang (100 kilo o higit pa) ay maaring makasira sa proseso ng pag-aayos ng basura, kaya't inirerekomenda na hatiin o dalhin nang personal sa waste disposal facility ng basura.

- Ang mga kumot, unan, at iba pa ay dapat tiklupin ito isa-isa para lumiit, talian at sukatin ang pinakamahabang bahagi (huwag ito pagsama-samahin sa iisang tali)
- Maliban: Para sa mga bagay na mahahaba ang hugis (tulad ng payong) , kapag maramihan at magkakapareho ang uri ay italing magkakasama at kung ang diyametro(kapal) ay mas mababa sa 30 cm, ito ay makakabilang sa malalaking basura. (hanggang 10 na hanger, hanggang 10 piraso ng tile carpet). Ang bayad sa mga basurang ito ay ibabatay sa haba ng pinakamahabang bagay.

### Maliit at Komplikadong Basura
- Paano magtapon: BERDE na itinalagang bag

**Hindi hihigit sa 30cm ang haba lamang ang pinapayagan**
Maliliit na bagay na gawa sa iba't ibang metal o plastik na material: Video tape; Electrical cord (Talian, hindi hihigit sa 30cm); Lata ng kendi; Maliit na laruan o stuff toy (kasama ang metal); Hanger na gawa sa alambre; Karayom; Relo; Cassette tape; Aluminum na foil container; Takip na metal; Razor

- Mga bagay na natitiklop at ang lahat ng sukat - haba, lapad, at taas ay mas mababa sa 30cm, tulad ng mga kumot, ay itinuturing na Maliit at Kumplikadong Basura.
- Ang mga baterya na puwedeng tanggalin at mga maliit na baterya ay maaaring maging sanhi ng sunog, kaya't itapon ito bilang Mapanganib na Basura sa PUTI na itinalagang bag.
- Ang mga karayom, shaver, at iba pa ay dapat ilagay sa maliit na lalagyan ng metal at sulatan ng 'KIKEN'(delikado).
- Ang mga bagay na may haba na higit sa 30cm ay Malalaking Basura
- Ang mga kadena, alambre, at electrical cord ay dapat italing magkakasama at gawing iisang piraso, ito ay ituturing na Maliliit na Basura at Komplikado kapag ang haba ay hindi hihigit sa 30cm.

### Mapanganib na Basura
- Paano magtapon: PUTI na itinalagang bag

Baterya; Salamin; Ternometro; Sigarilyo na may sistema ng pag-init Electronic cigarette(Denshi Tabako)
- Salamin na may kasamang frame na higit sa 30cm ang haba ay itinuturing na Malalaking Basura
- Ang mga bateryang tuyo ay maaaring itapon nang hindi inilalagay sa puting itinalagang bag. Ito ay maaaring isama sa mga kahon ng pagkolekta ng mga bateryang nagamit na sa munisipyo, sa bawat sangay, o sa window counter ng munispyo.

- Paano magtapon: Ilagay ito sa kahon na walang laman pagkatapos ng pagpapalit

Bombilya fluorescent; Tubong fluorescent; HID (Mercury Lamp, Lampara ng Metal Halide, UV Light, Black Light, Insect Trap, atbp.)
- Pakilagay ang mga fluorescent tube sa mga lalagyan nang hindi ito mababasag pagkatapos ng pagpapalit (kung walang lalagyan, direkta nalang ilagay sa Puti na bag).
- Kung marami ito, itali ito nang mabuti.
- Ang mga basag na fluorescent tube ay dapat itapon nang hiwalay sa ibang mapanganib na basura, at ilagay ito nang direkta sa PUTI na itinalagang bag na may nakasulat na mapanganib 'KIKEN'(delikado)
- Ang mga incandescent bulb, LED bulb, at glow lamp ay Basurang itinatambak sa Landfill(Umetate Gomi).

## Basura na hindi kinokolekta ng munisipyo

### Piling-aparato sa Bahay
Refrigerator Freezer; Washing machine; Window-type Air Conditioner; Aircon; TV (Hindi kasama ang display ng computer); Dryer ng damit
- Magbayad sa Electronic Shop ng Recycle fee at transportation fee sa pagkolekta ng mga itatapong kagamitan.
Batay sa Batas sa Pagre-resiklo ng mga Appliances, ang pangunahing proseso ng resiklo ay ang mga sumusunod:
Mamimili -> Tindahan ng mga Appliances -> Itinalagang Lugar para sa Pagkolekta -> Pasilidad para sa Pagre-resiklo (Taga-gawa atbp.)
- Maaari rin itong dalhin sa itinalagang lugar, ngunit kinakailangan ang bayad para sa resiklo.
- Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa “Kaden Seihin Kyoukai “(Kaden Recycle Ken Center).
Website: https://www.rkc.aeha.or.jp Tel: 0120-31-9640
- Kung hindi maaaring kunin ito ng tindahan ng mga appliances, mangyaring makipag-ugnayan sa “Junkan Gata Shakai Suishinka”

### Personal Computer
Desktop Computer; Laptop; Computer na may Display; LCD Monitor; CRT monitor
※Maaring pagsamahin sa pagpapadala SMouse, keyboard, speaker, cable, at iba pang karaniwang kasamang accessory sa oras ng pagbili
- Mangyaring mag-apply para sa koleksyon sa tanggapan ng pagtanggap para sa mga home computer ng bawat Brand ng computer."
- Para sa karagdagang detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa bawat taga-gawa ng computer o bisitahin ang website ng Ippan Syadan Houjin Pasokon 3R Suishin Kyoukai
**Ippan Syadan Houjin Pasokon 3R Suishin Kyoukai**
Website: https://www.pc3r.jp/home/
Tell: 03-5282-7685
- Ang Renet Japan Co., Ltd., (Renet Japan Kabushi Gaisha)ay kasosyo na kompanya ng lungsod, sila ay nagsasagawa ng pagkolekta gamit ang serbisyo ng courier."
- Para sa karagdagang detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa Renet Japan Co., Ltd. o bisitahin ang kanilang website.
**Renet Japan Ltd.**
Website: https://www.renet.jp/ Tell: 0570-085-800 ※Ang Miyajima ay hindi sakop ng serbisyong ito.
- Mayroon mga drop-off box para sa maliit na electronic appliances sa munisipyo at Sangay ng opisina ng Ono
- Ang mga bagay na kasya sa (15cm x 30cm) na bukas na drop-off box ay kabilang dito.

### Bultong Basura sa Tahanan.
Ito ay mga pangunahing basura na nagmula sa tahanan na maaaring magmula sa paglipat bahay, malawakang paglilinis, pagputol ng mga halaman sa hardin, at iba pa (kabilang ang mga kasamang kasangkapan tulad ng mga pinto, tatami, at iba pa).

### Basura sa Negosyo
Basura mula sa mga Negosyo sa Pagkain, Tindahan, Pabrika, Opisina, Agrikultura, Paggugubat, Pangingisda, at iba pang Negosyo"

(Para sa Bultong Basura sa Tahanan at Basura sa Negosyo:)
- Pakikitungo ang mga basurang ito sa mga pasilidad ng pagproseso nang direkta o humiling ng tulong sa mga kumpanyang awtorisadong mangolekta ng mga basurang ito (may bayad). Kapag ikaw ang nagdala nito nang direkta, ituring ito katulad ng paglalagay sa mga trash bin, hiwalayin ito at ilagay sa mga itinalagang bag. Ang mga malalaking basura mula sa bahay ay dapat lagyan ng tamang bilang ng mga sticker (seal) para sa bawat isa. Kinakailangan ang pagfill-out ng application form para sa waste disposal sa mga tanggapang ito.
- Kung hindi mo alam kung aling kumpanya ang awtorisadong mangolekta, mangyaring makipagugnayan sa tanggapan ng Pagpapabango ng Circular Society(Junkan Gata Syakai Suishinka)
- Oras ng pagtanggap ng basura sa Eco Center Hatsukaichi (Lokasyon: 3860 Miyauchi, Hatsukaichi, Hiroshima)
Lunes - Sabado: 8:30 AM - 12:00 NN, 1:00 PM - 4:00 PM ※walang serbisyo tuwing linggo. Holiday, at Bagong Taon
- Oras ng pagtanggap ng basura sa Hatsukaichi Energy Clean Center (Lokasyon: 12-8 Mokuzaikou Minami, Hatsukaichi, Hiroshima)
Lunes - Sabado: 8:30 AM - 12:00 NN, 1:00 PM - 4:00 PM ※Walang serbisyo sa Linggo, Holiday, at Bagong Taon

### Basura na Hindi Maaring Prosesuhin ng Lungsod
Industrial waste, mga likidong gaya ng kerosene, gasoline, langis, pestisidyo, pintura, mga kemikal na delikado o nakalalason, mga gulong (tires) ng sasakyan o motorsiklo, mga baterya, mga motorsiklo, mga tangke ng gas, hindi pa nagagamit na fire extinguisher, piano, kahaan (safety box), photocopier, lupa, buhangin, bato, at iba pa.

Mangyaring dalhin ang mga ito sa mga tindahan na tumatanggap o magpa-proseso sa mga espesyalisadong kumpanya upang ito ay tamang ma-dispose.

**Araw na walang koleksyon(※) Disyembre 31, Enero 1-3**
※Ang mga holiday maliban sa nabanggit ay kukulektahin

**makipag ugnayan**
Hatsukaichi Shi Yakusho Junkan Gata Shakai Suishinka — Tell 30-9133
Hatsukaichi Energy Clean Center — Tell 20-5300



**Sino ang nagtapon ng basura? Sino ang mag-lilinis nito?** Huwag kalimutan ang iyong konsiyensya.

## Ang ilegal na pagtatapon ay isang Krimen.

Ang mga nagtapon ng basura ng hindi lehitimo ay maaaring parusahan ng hanggang 5 Taon na pagkakakulong, multa na hanggang sa ¥10,000,000 o katumbas nito.

